

1

“Honey, tama na!” pakiusap ni Cel sa nagwawalang boyfriend habang pinipigilan siya sa pagsugod sa opisina ng kanilang boss, ang CEO ng *JT Films* na si Joseph Topacio.

Ngunit ayaw papigil ng thirty-one-year-old executive producer na si Brody Villalobos. He was like a raging bull nang sumugod sa closed-door meeting ng board of directors ng kanilang kompanya.

“Tarantado ka, Joseph! Gaano katagal ninyo na ako niloloko ng girlfriend ko?” Kinuwelyuhan niya ang lalaki at isinalya ito sa pader.

Bakas sa mga mata nito ang pangamba. “I don’t know what you’re talking about, Brody.”

“Akala ko kaibigan kita, how can you do this to me?” sigaw niya na halos yumanig sa buong conference room.

Nagsimula na makialam ang ibang executives at pilit inilalayo ang nagwawalang lalaki sa kanilang boss habang umiiyak namang nakikiusap ang kanyang nobya.

Subalit sadyang matindi ang galit ni Brody. Noon lamang siya nakadama ng tila pagdidilim ng kanyang paningin. He felt like he could really kill someone. Kung hindi pa dumating ang mga guwardya ay hindi siya maaawat. Patuloy pa rin siyang nagwawala habang kulang na lamang ay buhatin na siya palabas ng building.

“Babe, I’m home,” masayang anunsyo ni Zara Avelino pagpasok sa condominium unit na kanilang tinutuluyan ng boyfriend, ang sikat na matinee idol na si Lee Cruz. Excited niyang inilapag sa ibabaw ng kitchen counter ang mga ingredients ng paborito nitong paella. Kauwi lamang kasi nito mula sa ten-day shoot sa Cebu, kaya nais niya itong ipagluto nang espesyal bilang pang-welcome rito.

“Babe, I’m gonna cook your—” Natigilan si Zara nang pumasok sa silid at tumambad sa kanya ang nobyo at ang ka-love team nitong si Mae Reyes na kapwa hubad. They were in a very compromising position.

B-babe, I... I thought mamayang gabi ka pa babalik?” utal na tanong ni Lee na biglang napahiwalay sa kaniig nito.

“Gusto sana kita sorpresahin, but it seems na ako ang nasorpresa,” nagtitimpi pang buwelta ng dalaga na ang pakiramdam ay parang binabayo sa sakit ang kanyang dibdib.

“Babe, please let me explain,” pagsusumamo ni Lee na nagmadaling nagsuot ng boxer shorts at sinubukang lumapit sa kanya.

Ngunit lumayo siya na animo’y nandidiri. “Explain? Ano pang klaseng eksplanasyon ang ibibigay mo sa akin ngayon? Na nagre-rehearse lang kayo rito para sa love scene ninyo?”

Patuloy pa rin ang paglapit ng boyfriend sa kanya habang si Mae naman ay ibinalot ang maliit nitong katawan sa kumot at isa-isang pinulot ang mga damit at underwear na nagkalat sa sahig.

Nais pa sanang magpakawala ni Zara ng maaanghang na salita para kahit paano ay makaganti siya sa matinding sakit na idinudulot ng mga ito sa kanya. But her mind just went completely blank, and she found herself walking out of the unit without any clear idea where to go.

“Ten years! How can you betray me, Cel?”
Puno ng hinagpis na pinakawalan ni Brody habang

nagmamaneho na palayo sa compound ng *JT Films*. Mag-isa na lamang siya ngayon, iniwan na niya roon ang nobya. Wala na siyang pakialam kung magsama pa sila ng kalaguyo nito, basta para sa kanya ay tapos na ang lahat sa pagitan nila.

Kahit paulit-ulit pa siyang hingan nito ng tawad ay hindi niya alam kung makakayanan ba ng kanyang puso na ibigay iyon. Sadyang napakahirap kasing tanggapin na ang babaeng pinag-alayan niya nang buong pusong pagmamahal at ikinonsidera na niya bilang kabiyak ng puso ay magagawa siyang traydurin.

Walang anu-ano ay napatodo ang apak niya sa brake pedal matapos biglang tumawid ang isang babae. Sabay-sabay ring napabusina ang mga sasakyan sa kanyang likuran na muntikan na ring bumangga sa kanya.

Kumawala ang mura sa kanyang bibig. Nais pa sana niyang buksan ang bintana at patikimin ito ng sermon tungkol sa tamang tawid. Subalit natigilan siya matapos mapansin ang itsura ng babae na tila wala sa sarili. Muntik na nga itong mamatay, ngunit tila wala itong kaide-ideya.

Tila bigla namang nilipad ng hangin ang galit ng binata. It was suddenly replaced by wonder. *Hindi*

naman siya marungis, kaya imposibleng taong grasa siya. Mukha siyang disenteng babae, kaya imposibleng drug addict siya. Kung ganoon, ano kaya'ng nangyari sa kanya para mawala siya sa sarili nang ganyan?

Muli ay narinig niyang sabay-sabay na pagbusina ng mga sasakyan sa kanyang likuran. Hindi na kasi siya nakausad matapos mapaapak sa preno. Reluctantly, he stepped on the gas again and resumed moving forward.

But all the while, he kept on looking back at the woman from the rearview mirror who also continued walking until she faded from his sight.

Magbuhat nang lisanin ang condominium ay patuloy na naglakad ang twenty-five years old na si Zara nang wala sa sarili. Muntikan na nga siyang mabangga ng kotse, subalit hindi pa rin niya iyon alintana.

Mas mabuti pa nga siguro mamatay na lang ako para hindi ko na maramdaman ang ganitong klaseng sakit.

Second boyfriend lamang niya si Lee, but she considered him her one great love. Napakatagal din kasi nilang naging magkarelasyon, anim na taon. Ito

ang nagturo sa kanya kung paano tunay na umibig at kung paano masaktan.

Ginawa ko naman ang lahat para sa 'yo, Lee. Tinalikuran ko pati ang sarili kong ina dahil sa pagmamahal ko para sa 'yo, pero paano mo ako nagawang lokohin? What did I do to deserve all of these?

Iyon ang mga katanungang nais sana niyang ibato sa nangaliwang nobyo. Mga katanungang hindi niya alam kung mabibigyan pa ng kasagutan, pero alam niyang patuloy na mananahan sa kanyang puso't isipan sa loob ng mahabang panahon o baka nga habambuhay pa.

Paano na ako ngayon? Paano na ako makakapagpatuloy sa buhay ko kung ang tanging buhay na alam ko ay kasama ka Lee?

Sa kanyang paglalakad, inabot si Zara sa istasyon ng bus. Nang tumingin siya sa destinasyon ng mga nakaparadang bus doon, unang dumapo ang kanyang paningin sa sign na 'Baler'.

Zara had always been a traveller. Together with Lee, they explored many places in and out of the Philippines. Pero hindi pa nila napupuntahan ang Baler.

Okay 'tong lugar na 'to, wala kaming memories ni Lee rito.

Nakabuti ang mahabang biyahe sa kanya. The quiet, peaceful ambiance of the countryside somehow calmed her restless heart. Nabigyan siya ng pagkakataong mag-reflect sa kanilang relasyon ni Lee. Hindi nagtagal dahil sa sobrang pagod ay inabot na siya ng antok.

Ginising na lamang siya ng konduktor nang makarating na sila sa Baler. Sa tabi ng terminal ay may nakapilang mga tricycle at nagpahatid siya sa pinakamalapit na resort. Sa kanyang pag-apak sa malambot na buhangin at paglanghap sa sariwang hangin mula sa dagat, nakaramdam siya ng paggaan ng pakiramdam.

sSana magtuloy-tuloy na ito. Sana ito na ang simula ng bago kong buhay.

“Kumusta ka na, pare? Nakatulog ka naman ba ng maayos?” tanong ni Daryl, ang kaibigan ni Brody na may-ari ng isang resort sa Baler. Dito siya nagtungo matapos sugurin si Joseph noong nakaraang araw.

“Okay naman, malaki ang naitulong sa akin ni *Johnnie Walker*,” nakangisi niyang tugon habang

nakakaramdam ng pagkirot ng sentido. Halos inabot na kasi sila ng buwang-liwayway nang matapos sa pag-inom at pag-uusap tungkol sa kanyang mga pait at hinagpis sa ginawang panloloko ng kasintahan.

Classmate niya since high school sa *UP Integrated School* si Daryl. They saw each other through the highs and lows of their lives. Naging saksi si Daryl sa isang dekada ng relasyon nina Brody at Cel na nagsimula sa *UP Diliman*. What they had back then was such a stable, quiet and loving relationship. Nasa isip nga ng kanilang buong barkada na sila na ang magkakatuluyan balang araw. Kaya malaking pagkabigla para kay Daryl ang nalamang pangangaliwa ni Cel.

“Pero hindi magandang parati ka na lang tutulungan ni *Johnnie Walker*,” may pag-aalalang sabi nito. “Why not workout instead? Or do sports. Mag-surfing ka ulit, you’ve always enjoyed it naman,” suhestiyon nito na isang fitness enthusiast.

“Yeah, good idea,” pagsang-ayon ni Brody. Alam niyang hindi siya maaaring magmukmok at magpakalango habambuhay, kailangan niyang tulungan ang sarili na makabangong muli.

“Malay mo d’yan ka pa makahanap ng bagong chick. Tulad ng isang ’yan, ’yung may pagkapula

ang buhok,” nguso nito sa babaeng naglalakad sa dalampasigan buhat ang surfboard. “Kanina ko pa siya nakikita, mukhang nag-aaral pa lang mag-surf. Ang ganda niya, di ba? At ang sexy!”

Pinagmasdang maigi ni Brody ang red-haired beauty. Dahil may kalayuan at hindi niya suot ang salamin, hindi niya masyadong maaninag ang mukha nito but she looked familiar to him. “I think I’ve seen her somewhere.”

Napabaling si Daryl sa kanya. “Saan mo siya nakita?” naintrigang tanong nito. “Artista ba siya or singer? Kasi parang gan’on ang appeal niya, eh, may pagka-artistic.”

Patuloy ang pagtitig niya rito na napansin niyang tila hirap na hirap sa pagsu-surf. “Hindi ko matandaan kung saan ko siya nakita pero pamilyar siya.”

Nainip na ang kaibigan niya. “Mabuti pa, pare, let’s stop wondering. Approach her at alamin mo.”

Naisip ni Zara na bumalik na ng silid. Masakit na ang mga muscles sa kanyang buong katawan at masyadong maraming tubig na rin ang kanyang nainom mula sa paulit-ulit na paglaglag mula sa surfboard, kaya nagpasya siyang magpahinga muna

sa pag-aaral ng surfing.

Maybe tomorrow will be a better day for me, ang hindi pa rin niya pagsuko. Dahil na rin sa pagod, nakatulog siya.

Malapit nang mag-alas-seis ng gabi nang siya ay magising. Upang hindi naman masayang ang kanyang pag-stay roon, naisipan niyang lumabas at i-enjoy ang paglubog ng araw. Pagkasuot ng black string bikini sa kanyang voluptuous body, kinuha niya ang beach bag at lumabas ng silid.

Maganda ang kuwartong nakuha ng dalaga dahil paglabas ng pinto ay matatanaw na niya kaagad ang dagat. Mabilis siyang nakahanap ng available lounge chair. Isinapin niya ang beach towel doon at nahiga. She felt so good watching the blue skies turn into red and orange as the sun descended on the horizon. Na-realize niyang matagal na panahon na rin magbuhat nang ma-appreciate niya ang mga simpleng bagay tulad niyon.

Despite this darkness in my life, there are still so many beautiful things to be thankful for.

Hindi nagtagal ay inilabas na niya ang iPad at nagsimulang manood ng kanyang favorite movie.

“Breakfast at Tiffany’s.”

Napabaling ang kanyang mga mata sa bandang kanan matapos magsalita ang lalaking nakahiga rin doon.

“Yeah,” ang tangi niyang tugon, sabay bigay rito ng polite smile at bumalik sa panonood. Hindi kasi siya ang tipong basta-basta na lamang nakikipag-usap sa strangers. Kahit pa mukha naman itong matino, hindi pa rin siya palagay. Sa panahon ngayon, marami na rin kasing loko-loko ang mukhang disente, kaya dobleng pag-iingat talaga ang kailangan.

Ngunit hindi yata nakuha ng lalaki ang kanyang hint na wala siyang interes makipag-usap dahil naupo pa ito sa lounge chair at siya ay hinarap. “So you are into classic movies,” patuloy pa nito.

Tumango lamang siya matapos sandaling lingunin ito. She got to admit the guy looked appealing with his boy-next-door looks and charming smile. Nakaramdam na siya ng pagka-conscious nang mapansing mataman siyang pinagmamasdan nito. Nagsimula na siyang maalarma. Nag-iisip na siyang umalis at lumayo sa estranghero.

“Alam ko na kung saan kita nakita, ikaw ’yung babaeng tumatawid na muntik ko na mabangga kahapon!”

Naalala ni Zara na sa gitna ng kanyang wala sa sariling paglalakad noong nakaraang araw, may pagkakataon na may bumusina sa kanya nang malakas at nagtigilan ang mga sasakyan habang siya ay tumatawid. But at that moment, she was too numb to feel anything.

“I’m sorry, hindi ko sinasadya na mapabilis ang takbo ko,” patuloy pa nito.

“It’s okay. Kasalanan ko rin naman dahil hindi ako tumitingin habang tumatawid.” Nakaramdam siya ng hiya. Mukha siguro siyang tanga habang tulalang naglalakad kahapon. Bago pa mauwi sa kung saan ang usapan at mabuksan ang mapait na mga pangyayari, minabuti niyang umalis na. Dahil sa pagmamadaling makalayo sa kausap, hindi niya napansing sumabit pala ang string ng kanyang bikini top sa kinauupuang wicker chair na naging dahilan ng pagkakatanggal niyon sa kanyang katawan.

They were both shocked when Zara’s ample breasts were exposed. Dahil sa labis na pagkataranta, hindi malaman ng dalaga ang gagawin. She could only cover her breasts with her thin arms habang nag-iisip kung pupulutin pa ba ang bikini top na naipit sa silya o tatakbo na lamang siya nang ganoon patungo sa di-kalayuung silid na tinutuluyan niya.

Mabuti na lamang at nasa huwisyo ang lalaki. Kaagad nitong kinuha ang tuwalyang sumasapin sa kalahati ng silyang inupuan ng dalaga at ibinalot iyon sa kanyang katawan. Pakiramdam nito ay natutuyo ang lalamunan habang pilit iniwas ang pagsilay sa kanyang punuang dibdib.

“Thank you,” ang tangi niyang nasambit. Na-appreciate niya ang pagiging gentleman nito, subalit nanaig pa rin ang kanyang matinding hiya.

“O, kaninong bikini top ’yan?!” tanong ni Daryl na nanlaki ang mga mata nang makita ang hawak ng kaibigan.

“D’un sa red-haired girl na nakita natin kanina,” sagot ni Brody na nananatili pa rin sa same area kung saan sila nagkausap ng babae.

Mas lalo itong naintriga at napaupo sa kanyang harapan. “Eh, bakit nasa iyo ’yan? Don’t tell me na may nangyari na kaagad sa inyo? Ang bilis mo, pare, ah! Idol!”

“Sira-ulo! Walang gan’on!” paglilinaw niya kaagad. “Sumabit kasi d’yan sa silya niya kaya biglang natanggal.”

Mas lalong nanlaki ang mga mata ni Daryl at napaupo pa sa dulo ng wicker chair. “Natanggal?! So ang ibig sabihin nakita mo ’yung ano niya?” tanong nito na bakas sa mukha ang pagiging sabik sa detalye. “Kumusta naman? Malaki ba?”

Subalit hindi komportable ang gentleman na si Brody na pag-usapan ang mga ganoong bagay lalo pa’t involved ang partikular na babaeng iyon na pinagsisisihan niyang hindi nakuha ang pangalan. “Ang bastos mo talaga kahit kelan!”

“Ikaw naman! Hindi ba puwedeng curious lang?” depensa nito sa sarili. “Ano na ang balak mong gawin d’yan?”

“Hindi ko alam kung paano ko ibabalik sa kanya. Kitang-kita ko kasi kung gaano siya hiyang-hiya kanina. Kapag pinuntahan ko siya at iniabot ito sigurado babalik ang awkwardness niya,” pag-aalala niya.

“Eh, di huwag mo na ibalik. Gawin mo na lang souvenir!”

“Puro ka talaga kalokohan,” napapailing na nasabi ng may pagkaseryosong si Brody. Ikinuwento niya rin dito kung paano niya unang nakita ang babae sa Maynila.

“Muntik mo na siyang mabangga?!”

“Oo, wala kasi ako sa sarili ko n’ung nagda-drive ako. That was the time na kagagaling ko lang sa pagsugod kay Joseph,” paliwanag niya.

“Muntikan mo na siya mabangga ’tapos nagkita kayo ulit dito ngayon. Hindi ba parang pinagtatagpo talaga kayo ng tadhana?”

Napaisip bigla si Brody. May punto nga ang kanyang kaibigan. Nais niyang isipin na hindi lamang coincidence ang muli nilang pagtatagpo ng babae.

I hope that this won't be the last time that I'll see you.

Nanginginig ang katawan na pumasok si Zara sa loob ng kanyang silid.

Isang masamang panaginip lang ang lahat. Magigising rin ako at malalaman kong hindi ito nangyari sa akin, pagde-deny niya pa sarili.

Subalit nang mapayuko at makita ang tuwalyang nakabalot sa katawan niya, tila sinampal siya ng katotohanan. Hindi niya alam kung ilang tao ang nakakita sa topless niyang katawan, pero ang labis niyang ikinababahala ay ang lalaking nakaharap niya.

“Oh, Lord! Sana hindi ko na makita ulit ang lalaking ’yon. Wala na akong mukhang ihaharap pa sa kanya.”

Naputol ang kanyang pagdarasal nang mag-ring ang cellphone na sinadya niya talagang iwan sa kuwarto nang lumabas kanina. Dinampot niya ito mula sa ibabaw ng bedside table. Tama nga ang kanyang kutob, si Lee ang tumatawag. Hindi niya iyon pinansin; pinatay niya ang aparato at ibinato iyon sa kama.

Hindi na niya mabilang kung ilang beses na siyang nakatanggap ng tawag mula sa boyfriend magbuhat ang nangyaring tagpo sa condo unit. There were times na nate-tempt na siyang sagutin iyon, but not at that moment. Sadyang hindi pa rin kasi siya nakaka-get over sa nangyari sa dalampasigan lalo pa nang ma-realize na naiwan niya roon ang sumabit na bikini top!

Oh, no! Baka nakita ’yon n’ung lalaki. Sana naman hindi na niya napansin ’yon. Sobrang nakakahiya na ’to!

2

Kinabukasan, nagdalawang-isip si Zara kung itutuloy pa ba ang pag-aaral ng surfing o babalik na lang sa Maynila. Nangangamba kasi siyang makita muli ang lalaki at ang mga iba pang tao na nakasaksi ng aksidenteng pagkakatanggal ng kanyang bikini top. Ngunit sa bandang huli, nagdesisyon siyang mag-stay roon at ipagpatuloy ang pag-aaral ng surfing.

Zara, ang mga hindi magagandang bagay sa buhay ng tao ay dapat hinaharap, hindi tinatalikuran.

Kakaba-kaba man ay derecho pa rin siyang naglakad patungo sa dalampasigan habang pasimpleng lumilinga-linga sa paligid. Inoobserbahan niya kung mayroon bang tatawa o magbubulungan, ngunit wala naman siyang napansin. Subalit hindi pa man siya lubusang nakakapag-relax nang may makita siyang pamilyar na mukha.

Oh, no! Siya 'yung lalaki kahapon! Nataranta siya. Tatalikod na sana siya at babalik sa silid, subalit tila napako siya sa kinatatayuan matapos makita kung paano ito mag-surf. He took her breath away as he glided and rode on the big waves like a professional. Man, he's good!

After a while, he disappeared into the water. Nakaramdam siya ng kaba nang ilang sandali na ang lumipas ay hindi pa rin ito lumalabas.

Saan na kaya siya? Is he okay? Nakahinga lamang siya nang maluwag nang sa wakas ay lumitaw na ito mula sa malaking alon while still standing on his surfboard. Mas lalo siyang na-mesmerize nang masilayan ang washboard abs nito which glistened under the morning sunlight. Natauhan lamang siya nang mapansing tila papalapit ito sa kanyang direksyon. *Oh, no! Is he coming here?*

“Are you going to surf?” tanong nito nang makarating na sa kanyang harapan.

“Ah... yeah... but I’m still learning, actually,” pag-amin niya.

“Is that so? Let me teach you then,” alok nito.

Noong una ay tumanggi pa siya, ngunit mapursigi ang lalaki kaya pumayag na rin siya. Pilit niyang nilabanan ang pagbalik sa kanyang isipan ng pangyayari noong nakaraang araw.

Just focus on surfing, Zara.

“By the way, I think we haven’t introduced ourselves yet. I’m Brody,” pakilala nito, sabay lahad

ng kamay.

Tinanggap naman niya iyon. “I’m Zara.”

Siyempre, una munang itinuro sa kanya ni Brody ang basics. After some time ay dinala na siya nito sa tubig.

“Takot ka ba sa alon?” tanong nito.

“Medyo,” pag-amin niya.

“Basta isipin mo na lang na ang mga alon ay parang mga problema sa buhay. Hindi mo dapat takasan ang mga ’yan. You have to learn how to face the waves. Ride on them and be in control of them.”

Tumagos sa puso ni Zara ang mga salita nito. *Mukhang tamang activity nga itong surfing para sa akin ngayon. I have to learn how to face my problems. To ride on them and be in control of them.*

Mas lalo naman siyang na-inspire na matuto. Nag-focus siya sa bawat instruction nito at hindi nagtagal ay nagawa na rin niyang sumabay sa alon. Tumili siya na parang isang bata habang binabalot ng magkahalong kaba at excitement.

“Wow, you’re a quick learner!” puri ni Brody who was an image of a proud mentor.

Ngunit nang humarap sa kanila ang mas malaking alon, naglaho ang excitement ni Zara. Naiwan na lamang ang kaba na eventually ay nauwi sa takot. Sa kabila niyon, pinili pa rin niyang harapin iyon but this time, she was not successful in riding on it. Instead, the huge waves swallowed her.

Ilang sandali ring naisip ng dalaga na baka katapusan na niya. She was totally powerless against the very strong current. Nagpa-panic na siya. Ang surfboard na kanina ay kanya pang nakakapitan ay tuluyan nang dumulas sa kanyang mga kamay. Hindi na niya malaman kung saan siya dadalhin ng malakas na puwersa ng tubig. Gusto niyang isigaw ang pangalan ni Brody, ngunit sa tuwing ibinubuka niya ang bibig ay pinapasukan lamang iyon ng tubig.

Is this the end of my life, Lord?

Just when she was losing hope that she would going to survive, may naramdaman siyang pagkapit sa kanyang baywang. Naramdaman niya ang paghila ng kamay na iyon hanggang sa makaangat na ang kanyang ulo sa ibabaw ng tubig. Sa wakas ay nakakuha na siya ng hangin. Dahil sa may karamihan ang tubig na nainom, sunod-sunod ang kanyang pag-ubo.

“Are you okay?” tanong ng may-ari ng kamay na

nagligtas sa kanya. Bakas sa mukha nito ang takot at matinding pag-aalala.

“I’m okay,” pag- assure niya. “Thank you so much, Brody.” Hindi na niya napigilan ang sarili at mahigpit na napayakap rito. “You saved my life,” mangiyak-ngiyak niyang dagdag.

Brody hugged her back tightly. Dama nito ang panginginig ng kanyang katawan. Hindi nito maiwasang ma-guilty dahil sa takot na naidulot sa dalaga. “I’m so sorry Zara. I’m so sorry...”

Nagpasya ang dalawa na tumigil muna sa pag-surfing at kumain ng tanghalian. Nagtungo sila sa restaurant sa resort din ni Daryl kung saan sila ay nagkaroon ng pagkakataong mas makilala pa ang isa’t isa.

“If you don’t mind, may nangyari ba sa ’yo the other day n’ung muntikan na kitang mabangga?” hindi na napigilang itanong ni Brody sa gitna ng pagbabalat ng hipon. “Kasi napansin ko parang wala ka sa sarili mo. May problema ka ba noon?”

“Do you know Lee Cruz?”

“Yeah, he’s the hottest actor right now. Bakit?”

“He’s my boyfriend,” pag-amin niya. Hindi na nagdalawang-isip si Zara na buksan dito ang kanyang buhay. Hindi man niya ito lubusang kilala, pero pakiramdam niya ay kaya na niya itong pagkatiwalaan. After all, he saved her life. “And I saw him in bed with his leading lady.”

“You mean Mae Reyes?”

“Yup, siya nga,” kumpirma niya. “Yon ang nangyari noong araw na tulala akong tumatawid sa kalsada.”

Natapos sa pagbabalat ng hipon ang binata at inilagay iyon sa plato ni Zara. Natigilan ito nang may biglang maalala. “Teka lang, ikaw ba si Zara Avelino? Yung indie filmmaker na ka-partner ni Lee before he entered showbusiness?”

“Yeah, ako nga.” Nagulat siya dahil tila ang daming alam nito tungkol sa mundo ng pelikula. “How did you know about this? Are you a film enthusiast?” tanong niya, naiintriga.

“Well, yes, I am a film enthusiast. Also, I work in the film industry. I was an executive producer for *JT Films*,” makangiting sagot nito.

JT Films was the movie production company which discovered and signed up Lee as its exclusive

star. Although sumikat ang mga independent films na kanilang ginawa, tulad ng madalas mangyari ang mga artista ang napapansin, hindi ang filmmaker. Kaya habang umaangat ang career ng kanyang boyfriend ay siya namang pagiging stagnant ng kay Zara. Pero hindi niya iyon ininda. Ang mahalaga ay natutupad na ni Lee ang mga pangarap nito.

“Wow, what a small world!” namamanghang nasabi ng dalaga. “So I’m sure you’re aware kung paano nila ipinapatago kay Lee ’yung tungkol sa relasyon namin dahil kailangan single ang image nito sa public.”

“Yeah, the company requires that sa kanilang mga matinee idols lalo na ’yung mga gusto nilang pasikatin. Ang paniniwala kasi nila, it will endear them more to female fans dahil mukha silang attainable.”

“Akala ko n’ung simula okay lang. Pero ang hirap pala. Hindi na namin magawa ’yung mga dati naming ginagawa na magpunta kung saan-saan o kumain sa tabi-tabi. Kinailangan kong dumistansya sa kanya kapag nasa public kami. Kapag natatanong naman siya sa mga entertainment shows kung kami ba, kailangan niya akong i-deny at sabihing magkaibigan lang kami. ’Yung mga ganoon na ayaw mo naman

talagang dibdibin dahil sabi nga trabaho lang, walang personalan. Pero nakakasakit na rin ng loob minsan.”

As Brody continued to look and listen to her, he felt like he’s getting mesmerized by her beauty. “You really sacrificed a lot for him.”

“Oo. pati nga ’yung passion ko for filmmaking ay naisantabi ko dahil hindi na kami puwede gumawa ng indie films according to *JT*. Nahihirapan naman akong gumawa with other actors kasi lahat ng sampung films na ginawa ko, si Lee ang actor ko. He’s my muse,” paglalahad niya. Nakaramdam siya ng panghihinayang nang mapagtanto na ang dami pala niyang panahon at pagkakataong nasayang para sa taong hindi naman marunong magpahalaga sa kanyang mga sakripisyo at pagmamahal.

He could sense that there’s much love and pain that was embedded in her heart. “Paano nga pala kayo nag-meet ni Lee?”

“Nag-meet kami sa *NYU* six years ago, pareho kaming film students roon and then we fell in love,” paglalahad ng dalaga. Nakaramdam siya ng kirot sa puso habang inaalala ang masasayang sandali ng kanilang anim na taong relasyon. Hindi niya akalain na magtatapos lamang sa ganoon ang lahat. “Ikaw naman ang magkuwento. Nakakahalata na ako, hindi

mo na ako pinaalis sa hot seat, eh.”

Natawa si Brody saka nagpakawala ng malalim na hininga. “Well, I’m also heartbroken like you. I’m not really ready to tell all, but because you shared your story, I think it’s just fair that I do the same. Do you know Cel Gorospe?”

“Yeah, she’s a famous screenwriter,” tumatangong tugon niya. “Siya ang nagsulat ng last movie ni Lee.”

“She’s my girlfriend,” pagbunyag nito. “At kahapon n’ung muntikan na kitang mabangga, wala rin ako sa sarili ko ’cause I found out that she’s having an affair with Joseph Topacio. Sinugod ko si Joseph habang nakikipag-meeting siya sa board of directors ng kompanya niya.”

“Wow, I can’t believe this! So we’ve discovered that our partners were cheating on us at exactly the same time.”

“Isn’t it amazing? Para tayong pinagtagpo talaga.”

Zara couldn’t agree more. Tila may makapangyarihang kamay na gumagalaw sa kanilang mga buhay. “Oo, pinagtagpo siguro tayo para damayan natin ang isa’t isa sa mga kasawian natin.”

Buong araw na magkasama sina Zara at Brody. Ang tanghalian ay nasundan pa ng hapunan at inuman pagkatapos. Pakiramdam kasi nila ay hindi sapat ang oras para ibahagi sa isa't isa ang mga pangyayari sa kanilang tila magkakonektang buhay.

Nang makaramdam na ng pagka-tipsy, nagyaya si Zara na sila ay maglakad sa dalampasigan sa ilalim ng bilog na buwan.

“Ang buong akala ko matagal na ang six years namin ni Lee. Pero wala pala kaming sinabi sa isang dekada ninyo ni Cel.”

“Idagdag mo pa d’yan ang three years naming pagiging mag-best friends, kaya thirteen years ang pinagsamahan namin na itina-pon niya lang para sa walanghiyang lalaking ’yon.” Hindi na naitago ni Brody ang pait sa tinig.

Naintindihan niya kung saan nanggagaling ang binata. Sadyang napakahirap din para sa kanya na tanggaping nagawa ni Lee na basta balewalain na lang ang anim na taon nilang pinagsamahan.

“May mga naririnig na ako sa mga tao sa paligid namin na parang nagiging masyado ngang close ’yung dalawa. Pero hindi ko alam kung in denial lang ako or what, hindi ko binigyan ng malisya. Hanggang

sa ako na mismo ang nakabasa ng mga palitan nila ng *I love you* at *I miss you sa text*,” napapangisi nitong kuwento habang binabalikan ang masasakit na pangyayari. “At that moment, naintindihan ko kung bakit nagkakaroon ng crimes of passion. Kasi naramdaman ko ’yon. Nagdilim ang paningin ko. Pakiramdam ko kaya ko talagang makapatay.”

“I know what you mean. Na-experience ko rin ’yon. Nang bumulaga sa harap ko mismo ’yung ginagawa nilang pagtataksil, sa utak ko’y paulit-ulit ko silang pinagsasaksak.”

“Buti na lang hindi natin sinunod ang mga instincts natin, kung di baka hindi na tayo nagkita dahil pareho na tayong nakakulong ngayon,” natatawang sabi ni Brody.

Nagpatuloy pa ang tawanan ng dalawa habang nagpapalitan ng kanilang mga karanasan sa ex-partners.

“Ito na yata ’yung sinasabing balang araw ’yung mga bagay na iniiyakan mo ay pagtatawanan mo na lang,” banggit ni Zara. For the first time since nadiskubre niya ang pagtataksil ni Lee ay nakaramdam siya ng gaan ng kalooban.

“Oo nga, at ang bilis ng pagdating ng araw na

'yon para sa atin," pagsang-ayon ng binata, na tulad ni Zara ay gumaan na rin ang pakiramdam.

"Grabe! Nakakaloka 'tong mga nangyayari sa atin. Parang noong isang araw lang pakiramdam ko'y katapusan na ng buhay ko 'tapos ngayon..."

Natigil din sa paglalakad si Brody nang matigilan siya sa pagsasalita at siya ay hinarap. "Tapos ngayon pakiramdam mo nagsisimula na ang bago mong buhay?" tanong nito, sabay kuha sa kanyang mga kamay.

Pakiramdam ni Zara ay nanigas ang kanyang buong katawan nang magdikit ang kanilang mga palad. Tila natutunaw rin ang kanyang pakiramdam sa lalim ng pagtitig ng nangungusap nitong mga mata.

"Oo, pakiramdam ko nagsisimula na ang bago kong buhay," ang hindi niya namalayang lumabas na pala sa kanyang bibig. Hindi niya maintindihan ang nangyayari sa kanya. *Ganito ba ang feeling ng nahi-hypnotize?*

It's as if she could see forever in his eyes.

Binitiwang ni Brody ang pagkakahawak sa kanyang kanang kamay. Lumipat sa kanyang baba ang mga daliri nito. Dahan-dahan nitong itinaas

ang kanyang magandang mukha at nilapatan ng halik ang kanyang malambot na mga labi. His kisses were gentle na tila naninimbang pa pero nanunukso rin. At hindi niya akalaing mahuhulog siya sa mga panunukso at sasagutin ang mga halik nito.

Alam niyang masyadong maaga pa para mag-isip siya na simula na ng isang magandang bagay ang nagaganap sa kanila. Hindi niya hinayaang mag-fast forward ang kanyang isipan. She chose to experience that spontaneous moment and she enjoyed it.

Sa pagsapit ng madaling-araw, nagpasya ang dalawa na magpahinga na. Magkaiba ng building ang kanilang mga silid. Hinatid muna ni Brody ang dalaga. They held hands as they walked toward her room, but when they finally reached her door, they both found themselves unable to let go.

Wala nang salitang kinailangan. The moment they both stepped inside the room, naiwan na rin sa labas ang kung anumang pag-aalinlangang nananahan sa kanilang mga puso. What else should stop them? They're both free, anyway.

Isinandal siya ni Brody sa likod ng pinto at muli siyang hinalikan. But this time his kisses were more

earnest, certain. Wala na ang kaninang paninimbang. Tanging panunukso na lamang ang naiwan. Muling bumigay sa tukso ang dalaga. She responded to his kisses with equal passion.

Maingat siyang inihiga nito sa king-sized bed. This time tanging ang natitira na lamang sa kanyang katawan ay ang itim na panty. Nakaramdam siya ng hiya as she felt so exposed. Sa buong buhay niya ay tanging iisang lalaki lamang ang hinayaan niyang makasilay, makahaplos at makahagkan sa kanyang hubad na katawan. Hindi niya akalain na darating pa ang panahong iyon that she would allow another man to take control of her body.

“Are you nervous, Zara?” tanong ni Brody, bakas sa maamo nitong mga mata ang pag-aalala.

“Oo,” pag-amin niya.

“Don’t be... we both deserve this.” Pagbitiw sa mga salitang iyon ay tinanggal na nito ang board shorts at underwear.

Hindi masyadong maliwanag ang ilaw sa silid, but she could very well see his god-like body. Hindi na siya nakapagpigil, she reached out her hands and wrapped them around his neck. She marveled at the sight of his broad shoulders slowly descending upon

her and meeting her lips again. Kahit pa marami na silang nai-share ni Brody tungkol sa kanilang mga sarili, still, they were both strangers to each other. But it didn't seem that way. There was something familiar about the taste of his mouth and his warm touch.

Could this be destiny?

Nagsimula na maglakbay ang nagbabagang mga halik ng binata, mula sa kanyang mga labi pababa sa kanyang leeg hanggang sa maglagi iyon sa kanyang punuang dibdib. She moaned in pleasure as his playful tongue circled her areola while his equally playful fingers started travelling inside her underwear.

“Are you still nervous, Zara?” bulong ni Brody na siyang kumiliti sa kanyang tainga.

“No, I’m ecstatic,” tugon niya. She could feel her body heating up in anticipation. It’s as if she’s on fire!

This time tinanggal na nito ang nag-iisang saplot na nagtatakip sa kanyang katawan. Now, she’s completely naked in his eyes, but the earlier awkwardness was gone. It’s now replaced by burning desire.

Itinupi ng binata ang kanyang mga binti at sinimulang halikan ang kanyang hita. Alam ni Zara kung saan patungo ang mga labi nito. She bit her

lip to stop herself from screaming. But the moment she felt his tongue probing her vulnerable layers, she could not stop herself anymore. She cried out his name in ecstasy while burying her fingers on his soft, thick hair.

Hindi nagtagal ay dumating na ang kapwa nila kinapapanabikan, ang kanilang tuluyang pag-iisa. This time, it was Brody who was shouting out her name in triumphant pleasure.

Zara was surprised. She never thought that she would still get to feel that kind of peace and happiness in the arms of another man. Buong buhay niya kasing inakala na si Lee lamang ang tanging makakapagpaligaya sa kanyang puso. But she was wrong. There's Brody. As she continued to experience him inside of her, she felt that a brand-new Zara had been born.

3

Gumising si Brody na may malaking ngiti sa kanyang mukha. Ngunit nang bumaling siya sa kanyang tabi, he found Zara's space empty. Napaisip siya kung totoo ba ang nangyari noong nakaraang gabi o isang magandang panaginip lamang ang lahat.

Napabangon siyang bigla mula sa kama at sinimulang tawagin ang pangalan ng dalaga. Nagtungo na siya sa banyo ngunit wala rin ito roon. Nagsimula na siya kabahan.

What if she thought that what happened last night was a mistake and she decided to run away? Binuksan niya ang maliit na closet and found it empty.

Nagmadali siyang lumabas ng silid. On the way to the reception area, nakasalubong niya si Daryl.

“Kagabi pa kita hinahanap, pero wala ka sa kuwarto mo. Where did you spend the night?” tanong nito.

“Pare, nakita mo ba si Zara?” imbis ay tugon niya.

“Who's Zara?”

“Si red-haired girl.”

Naalala na ni Daryl ang kanyang tinutukoy. “Ah, Zara pala ang pangalan niya,” napapatangong nasabi nito. “Nakita ko siya kanina, she already checked out.”

“What? That can’t be!” he exclaimed. Magkakahalong panic, pagtataka, at panghihinayang ang nagsimulang bumalot sa kanyang sistema. “Mga anong oras mo siya nakitang nag-check out?”

“Around two hours ago kaya nga kita pinuntahan sa kuwarto mo para sabihin sa ’yo na paalis na siya pero wala ka nga doon,” wika nito. Ngayong napagdugtong-dugtong na nito ang mga pangyayari, may biglang pumasok sa isipan nito. “Don’t tell me you spent the night at her place!”

“Yes, I did,” kumpirma na ng balisang si Brody. “And now she’s gone.”

Kung gaano kaligaya at kapayapa ang kanyang pakiramdam noong nakaraang gabi, siyang kabaligtaran naman ang nangyari kinabukasan para kay Zara. She woke up to panic the moment she saw Brody sleeping soundly beside her. Kaya bago pa man ito magising ay nagpasya na siyang lisanin ang lugar. Hindi na niya nais na makaharap at makausap pa

ito matapos ang lahat ng nangyari. She knew there would be awkwardness and that's what she's trying to avoid.

Ngayon, sakay ng bus pabalik ng Maynila, hindi pa rin mawala sa kanyang isipan ang lalaki. Malaking parte ng kanyang sarili ang nagsisisi na umalis siya kaagad. Tinapangan na sana niya ang loob at hinarap ito.

Ano ba talagang ikinatatakot mo, Zara? Na baka isipin niya na malandi kang babae because you slept with him kahit isa siyang estranghero? O natatakot kang mag-lead ito into something deeper?

“Hindi ko pa rin maintindihan, Pare. I thought we had a great time, but why did she just leave like that?” saad ni Brody na balisa pa rin. Ni hindi nga niya halos ginagalaw ang breakfast na ipinahain para sa kanya ni Daryl sa restaurant nito.

“Pare, it's just a one-night stand. That's why it's like that. You've enjoyed your moment together but that's it. You gotta move on,” paliwanag ng ekspertong kaibigan niya matapos uminom ng espresso.

“No, I don't believe it's just a one-night stand. Hindi si Zara ang tipo ng babae who would sleep

with someone just for the hell of it. She's different. We had a connection. I felt it deeply," mariin niyang pagtatanggol.

"If she really did feel that connection you're talking about, why did she just leave you like that?"

Tila bigla namang sumampal kay Brody ang naging balik ng kaibigan. May punto ito; kung parehas nga sila ng nararamdaman ni Zara, bakit ito biglang umalis nang walang pasabi?

"Babe? Babe, is that you?"

Pagpasok pa lamang ni Zara sa pinto ng unit ni Lee ay nangibabaw na kaagad ang tinig nito.

Shit! Bakit nandito ang lalaking 'yan? Hindi ba dapat may shooting siya ngayon? Bumalik lamang siya upang kuhanin ang kanyang mga gamit. Malakas pa naman ang loob niyang magpunta sa oras na iyon kasi ang buong akala niya ay wala ito roon. Aatras na sana siya at babalik na lamang sa ibang araw, ngunit nakita na siya nito.

"Babe, where have you been? I've been trying to call you several times, pero hindi mo ako sinasagot. I was so worried about you," balisang bungad nito.

Napansin niyang mukhang wasted ang kanyang nobyo. Ang dati nitong malinis na itsura ay naging mukhang madumi na ngayon dahil sa papatubong balbas at bigote. Mukhang hindi rin ito nakakatulog nang maayos dahil maitim na ang ilalim ng mga mata nito.

Magaling na artista 'yan, Zara, huwag kang magpapadala sa drama ng lalaking 'yan! paalala na niya sa sarili bago pa man lumambot ang puso. “Nagpunta lang ako dito para kunin ang mga gamit ko,” matigas niyang tugon saka dumechoo sa kanilang silid. Kinuha niya ang maleta, ipinatong iyon sa kama at sinimulang ilagay roon ang mga damit na inilabas mula sa closet.

“No, you can’t leave me, Zara!” sabi nito na tinatanggal naman ang lahat ng damit na kanyang ipinapasok sa maleta.

Natigil siya sa ginagawa. Hinarap niya ito at napangisi. “At bakit hindi?”

Lumapit si Lee sa kanya at kinuha ang kanyang mga kamay. “Because I love you. We love each other,” bitiw nito, nagsusumamo.

“Sana naisip mo 'yan bago mo ako niloko. Sana naisip mong mayroong isang babaeng tapat na

nagmamahal at matagal nang nagsasakripisyo para sa 'yo bago ka nakipaglandian sa babaeng 'yon!" mariin niyang turan habang nararamdaman ang pamumuo ng bara sa kanyang lalamunan. Bago pa man rumagasa ang nagbabadyang luha, minabuti niyang ituloy na ang pag-eempake.

"Pinagsisisihan ko naman ang nagawa ko, Babe. Wala kaming relasyon ni Mae. Nagkamali lang kami. Please give me another chance," pagmamakaawa nito na kulang na lamang ay lumuhod sa kanyang harapan.

Naniniwala si Zara na ang lahat ng tao ay may karapatang patawarin at mabigyan ng isa pang pagkakataon. Pero ayaw niyang pilitin ang kanyang sarili na ibigay ang mga bagay na hindi pa bukal sa kanyang kalooban.

"I'm sorry Lee. Pero tapos na tayo." Taas-noong nilisan ng dalaga ang lugar na halos isang taon din niyang naging tahanan.

Nagpasya si Brody na bumalik na ng Maynila. Hanggang sa pagmamaneho ay hindi pa rin mawala sa kanyang isipan si Zara. Ipinatanong na niya kay Daryl sa receptionist ng resort nito kung may

address o contact number ba na sinulat ang dalaga sa Customer Information Form. Ngunit wala raw nilistang contact number at tanging Makati lamang ang sinulat nito sa address.

Sa kabila ng lahat, malakas pa rin ang kanyang pananalig na magkikita silang muli. Siya ang taong naniniwalang kapag ukol ang isang bagay, mangyayari't mangyayari rin iyon sa tamang panahon.

Just keep your faith, Brody.

Naantala ang kanyang panunumbalik sa kanilang masasayang sandali ni Zara nang biglang mag-ring ang kanyang cellphone. Napasimangot siya nang makita ang pamilyar na numero ng ex-girlfriend.

Kelan ba magsasawa sa kakatawag 'tong babaeng 'to? Ni-reject na niya ang call at inihagis ang aparato sa katabing upuan ngunit muli iyong nag-ring. Iritado niyang dinampot ang *iPhone* mula sa passenger seat. Pagtingin niya, nag-relax ang kanyang ekspresyon matapos makita ang pangalan ng kaibigang si Roman.

“Pare, narinig ko 'yung nangyari sa inyo ni Joseph Topacio,” bungad kaagad nito.

Napailing na ngumisi ang binata. “Ang bilis talagang maglakbay ng balita, ah.”

“Ikaw ba naman kasi ang magwala sa board meeting, what do you expect?” balik nito. “So, ano na ang plano mo ngayon sa career mo? For sure, hindi ka na makakabalik sa *JT Films* niyan.”

“Wala na talaga akong balak bumalik sa impiyernong ‘yon,” diin niya. “I might work for another production company or I’m thinking also of producing independent movies.”

“Parang gusto ko yata ‘yung pangalawang plano mo,” na-excite na sabi ni Roman. “I-produce mo ‘yung indie film na balak kong gawin.”

Nagkainteres naman si Brody. Malaki ang tiwala niya sa kakayahan ng kanyang kaibigan. Hindi lamang ito nabibigyan ng pagkakataon para mag-shine sa industriya.

“Sige, pag-usapan natin ‘yan.”

“By the way, may pelikula pala akong sinali sa festival. Palabas siya ngayon sa *Greenbelt*. Kung may time ka baka puwede mong panoorin, and tell me what you think.”

“Sige, nasa Manila na ako mamayang hapon. Let’s watch it then.”

“Ano na ang plano mo ngayon?” may pag-aalalang tanong ni Rea, ang kaibigan ni Zara na kanyang kinatagpo sa isang restaurant noong hapong iyon. Naikuwento na niya rito ang mga pangyayari sa likod ng kanilang paghihiwalay ni Lee.

“I’m gonna start my new life. This time mag-focus na ako sa career ko as a filmmaker. Matagal ko ring napabayaang ’yon dahil kay Lee.” Kung mayroon mang mabuting naidulot ang kanilang paghihiwalay, iyon ay ang kanyang pagkakagising sa katotohanan na napabayaang niya ang sarili dahil sa matinding pagmamahal sa aktor.

Natuwa naman si Rea dahil may nakita itong ibang klaseng katatagan sa kaibigan. Matagal na nitong kilala ang ex-couple bilang ito ang writer ng halos lahat ng indie films na ginawa nila. She had been a witness to how much Zara’s life revolved around Lee. Ine-expect na nito na magugunaw ang kanyang mundo sa oras na maghiwalay sila. Subalit hindi ganoon ang nakikita nitong nangyayari. She may be suffering, but she’s definitely fighting.

“Pero saan ka na titira?”

“Yan ang problema ko ngayon, baka naman may alam kang maliit na apartment o unit na mura lang na puwede kong upahan.”

“Hayaan mo magtatanong-tanong ako sa mga kakilala ko,” pangako nito. “Pasensya ka na hindi ko mai-offer ’yung bahay namin. Alam mo namang nakikitira lang rin kami sa biyenang ko.”

“Walang problema. Naiintindihan ko, Rea.”

“Eh, kung bumalik ka na lang kaya sa mama mo sa Amerika? At least doon may matitirahan ka at mas madaling maghanap ng trabaho,” suhestyon nito. “I’m sure naman napatawad ka na ng mama mo sa lahat ng nangyari. Hindi ka naman niya matitiis.”

Magbuhat nang makipagrelasyon si Zara kay Lee six years ago, hindi na naging mabuti ang pakikitungo ng mag-ina sa isa’t isa. Hindi kasi gusto ng ina niyang si Elvie si Lee. Mukha raw kasi itong babaero at sasaktan lang siya nito. Ngayon, nagsisisi siya. Sana nakinig na lamang siya sa kanyang magulang.

“Gusto ko kapag bumalik ako sa Amerika at nagharap na kami ng mama ko, successful filmmaker na ako,” deklara niya. Isa pang dahilan kung bakit hindi magkasundo ang mag-ina ay dahil sa napili niyang propesyon. Isang nurse si Elvie at ang gusto nito ay sumunod siya sa yapak nito. “Nagkamali na ako kay Lee. Gusto ko naman na itong pangarap ko ay magawa ko na nang tama.”

“Ano’ng tingin mo sa movie ko?” tanong ni Roman sa kaibigan matapos silang lumabas ng sinehan.

“Gusto ko ’yung development ng story mo, mabilis. Merong sorpresa ka parating ipine-present sa viewers,” paglalahad ni Brody na parang isang movie critic. Having worked in the industry for almost a decade now, naging bihasa na siya sa pag-e-evaluate ng mga pelikula.

Labis naman ang naging tuwa ni Roman sa narinig. Malaki ang paggalang nito sa opinyon ng producer. “So, ang ibig mong sabihin ipo-produce mo na ang susunod kong pelikula?”

“Mag-present ka muna sa akin ng magandang storyline.”

Nagkasundo ang dalawa na magkape muna upang mapag-usapang maigi ang istoryang nasa isip ni Roman.

“Pare, tingnan mo ’yung red-haired na chick. ’Yan ang mga tipo ko, ’yung artistic ang dating. Astig!”

Nang sundan ni Brody ang itinuturo nito, literal na tumigil ang kanyang paghinga. *Kapag sinusuwerte ka nga naman, gumalaw na kaagad ang kamay ng*

tadhana!

“Pare, okay ka lang? Bakit para kang na-hypnotize d’yan?”

“Nasa Baler pa lang kami, na-hypnotize na ako ng babaeng ’yan,” saad niya habang hindi mawaglit ang pagtitig sa dalagang kunot-noong nakaharap sa laptop nito.

Naintriga si Roman. “Kilala mo siya?”

Nagpakawala ng pilyong ngiti ang binata at tumayo. “Kilalang-kilala,” saad niya habang nagsisimula nang tahakin ang direksyon ng kinauupuan nito sa sulok ng silid. Lingid sa kanya ay bumagsak ang mga balikat ni Roman.

Tumigil siya sa tabi ng silyang kinauupuan ng dalaga.

“Nice to see you again, Zara,” he said in that deep, husky voice of his.

Dahil naka-headset ay hindi siya narinig nito. Kinailangan pa niyang yumuko at tapatan ang mukha nito upang siya ay mapansin. Halos mapatalon sa kinauupuan si Zara nang makita ang kanyang mukha. “Brody?”

“O, bakit para kang nakakita ng multo? Aren’t

you happy to see me?” panunuya niya. Although, masayang-masaya siya dahil nagkita silang muli, pero may parte pa rin sa kanya ang nasasaktan sa biglaan nitong pag-alis nang walang pasabi.

“O-of course I’m happy to see you,” nautal na sagot ni Zara habang hindi mapakali sa upuan.

Matapos maipakilala ni Brody si Roman ay nagpaalam na rin ang huli. Niyaya niya ang dalaga na mag-dinner na pinagbigyan naman nito.

Hindi man komportable sa muli nilang pagkikita ni Brody, pumayag na rin siyang makipag-dinner dito. Labis kasi siyang na-guilty sa ginawang pag-alis nang hindi nagpapaalam dito. Nais niyang makabawi man lang dito.

Dinala siya ng binata sa isang Italian restaurant. Matapos kunin ng waiter ang kanilang order ay inilabas na nito ang katanungang inaasahan na niyang darating.

“Bakit ka biglang umalis nang walang pasabi? Why did you leave me after we made love?”

Made love? Iyon ba talaga ang tingin niya sa ginawa namin? Nasorpresa si Zara. Hindi niya

akalain na ganoon ang tingin nito sa nangyari. Noong magising kasi siya kinabukasan, binalot siya ng pangamba na baka sex lamang ang tingin ni Brody sa naganap sa kanila. “Nag-panic kasi ako. Nabigla ako sa nagawa ko. I am not the type of girl who would just sleep with someone that I have just met.”

“I know you’re not that type and neither am I,” balik nito, his dark brown eyes looking directly at her, encouraging her to take a peek into the windows of his soul. “I am not the kind of guy who sleeps around. I value meaningful relationships and true love. And I slept with you that night because I felt that you’re really special.”

Tumagos sa puso ng dalaga ang sinseridad ng mga salitang binitiwang nito. Mas lalong nadagdagan ang kanyang pagkakonsyensya dahil pinag-isipan niya ito nang masama. Na baka tulad din ito ng ibang lalaki na nanggagamit ng mga babae.

“I’m sorry, hindi ko dapat ginawa sa ’yo ’yon.”

“It’s okay. Ang mahalaga’y nagkita tayong muli,” sabi nito kasabay ng paghawak sa kanyang kamay. Bigla ay bumalik ang mala-kuryenteng sensasyong unang nadama nang hawakan din nito ang kanyang kamay habang sila ay naglalakad sa dalampasigan. “Isn’t it amazing how destiny keeps bringing the two

of us together?”

Tanging ngiti lamang ang kanyang naibalik sa kausap. Muli siyang biinalot ng panic sa tila ipinahihiwatig ni Brody. Sa tingin niya kasi ay masyado pang maaga para pumasok sila sa isang bagong relasyon. Naniniwala siya na pahinga at paghilom ang mas kinakailangan ng kanilang mga puso sa pagkakataong iyon.

Laking pasalamat niya nang mag-ring ang kanyang cellphone; at least, may excuse siyang bumitiw sa hawak nito. Ngunit nang makita kung sino ang tumatawag, napasimangot siyang ibinalik ang phone sa bag.

“Is it Lee?” hula ni Brody.

Kumunot ang kanyang noo, nagtataka. “Paano mo nalaman?”

Napangiti ito, that cute boyish grin which never left her memory. “Because I think I get the same facial expression sa tuwing makakatanggap ako ng tawag mula kay Cel.”

“Madalas pa rin ba siyang tumawag?”

“Madalas pero magsasawa rin siya.”

“Wala ka bang balak na kausapin siya?”

naninimbang na tanong ni Zara.

Napalitan ng ngiwi ang kaninang ngiti sa mukha ng binata. “Wala na kaming dapat pang pag-usapan. Para sa akin, tapos na ang lahat,” bitiw nito. “Kayo ba ni Lee nakapag-usap na?”

“Oo, pagkaluwas ko ng Manila kanina galing Baler, dumerecho ako sa condo unit niya para kunin itong mga gamit ko,” nguso niya sa katabing suitcase. “Ayun, humingi ulit siya ng tawad, humihingi ng second chance pero ayoko na. Hindi ko na kayang ibalik ang tiwala ko sa kanya.”

Tumangu-tango si Brody, ipinaparating na nauunawaan nito ang sitwasyon niya. “Ito ang mahirap after ending a long relationship, ang pagsisimula muli,” wika nito. “Ano na ang plano mo ngayon?”

“Gusto kong mag-focus naman sa sarili ko, sa career ko. Tutuparin ko na ang pangarap kong maging isang mahusay na filmmaker,” deklara niya.

Napapalo ito sa ibabaw ng lamesa. “Tignan mo nga naman, pati sa career ay pinagtatagpo tayo!” he exclaimed. “I’m planning to produce independent films so I think we can work together.”

“Siguro ito ang dahilan kung bakit tayo paulit-

ulit na pinagtatagpo kasi meron tayong professional connection,” wika ng dalaga.

Muli ay tumango ito. “Pero paano nga pala ang tirahan mo?” tanong nito.

“Yan nga ang kanina ko pa hinahanap dito sa Internet. Wala akong makitang okay na place na sakto lang sa budget ko,” pag-amin niya.

Nagliwanag ang mga mata ng binata na tila may isang ideya ang pumasok sa isipan nito. “Why don’t you stay at my place instead?”

Nanlaki ang kanyang mga mata. “At your place?” Parang hindi niya yata feel ang ideya nitong iyon.

Natatawang napakamot ng ulo ang binata. Alam nitong iba ang naging interpretasyon niya sa ibig nitong sabihin. “Don’t worry, I have three rooms in the house so hindi natin kailangang magsama sa isang kuwarto.”

Tatango-tango lamang si Zara, nag-iisip. Hindi pa rin panatag ang kanyang kalooban. Alam niyang labis na makapangyarihan ang tukso. Minsan na nila iyong napatunayan noong sila ay nasa Baler.

Tila nabasa ni Brody ang umaandar sa kanyang isipan. “At ipinapangako ko na wala akong gagawin

sa 'yo na hindi natin pareho gusto.”

Naramdaman niyang mukhang tapat naman ito sa ipinangako. Isa pa, wala na siyang panahong maghanap pa ng ibang lugar. She needed to find a place as soon as possible. “Magkano mo ipaparenta ang isang kuwarto sa bahay mo?”

“Wala kang babayaran. Kasama na 'yon sa bayad ko sa 'yo bilang producer ng pelikula mo.”

Hindi na masyado nag-isip pa ang dalaga. Gipit siya sa pera. It's the most practical choice she could ever make.

“Okay I'll take your offer.”

“Huwag kang matakot, ha? Hindi ito haunted house,” biro ni Brody nang makarating na sila sa bahay nito sa Malate, Manila.

Zara had always been fascinated with old Spanish-style houses in the Philippines. Gustong-gusto niya kasi ang ambiance na ibinibigay niyon. There's a sense of mystery, at pakiramdam niya ay parang bumabalik siya sa nakaraan.

“No, it's actually beautiful,” sinsero niyang wika habang sila ay umaakyat sa antigong hagdanang

narra. “Gustong-gusto ko kaya ang mga ganitong klaseng bahay.”

“Really? Mabuti naman kung ganoon. Kanina pa kasi ako worried na baka hindi mo magustuhan,” relieved nitong pag-amin. “Actually, this house was built by my grandparents in the 1940s. Dito lumaki ang daddy ko. Pati na rin ako,” kuwento pa nito habang iniikot siya sa loob ng malawak na bahay.

Napansin niyang sa kabila ng pagiging luma ng bahay ay well-maintained ito. “Nasaan na ang pamilya mo?”

“My dad died five years ago, heart attack. Ang mom ko naman nasa Australia na. Pinapunta siya doon ng sister ko last year when she gave birth,” paliwanag nito. “I used to live in Cel’s place. Mga four years rin kami nagsama doon hanggang sa nangyari ang... alam mo na. So heto ako ngayon, back to the place where I was born and hoping to start a new life here.”

“You’re lucky that you have a home that you can always go back to.”

Na-curious si Brody. “How about you? Nasaan ang pamilya mo?”

“Namatay ang papa ko noong fifteen years old

ako, cancer naman. While my mama currently lives in the States. Ipinanganak ako dito sa Pilipinas, pero pumunta kami sa States noong ten years old ako dahil sa trabaho ng parents ko. They're both nurses."

"Don't you have siblings?"

"I'm an only child, kaya medyo protective ang parents ko lalo na si Mama."

Nagpatuloy pa ang usapan ng dalawa hanggang sa dalhin siya nito sa magiging silid niya.

"This used to be my sister's room," sabi ng lalaki. "Okay lang ba ito sa 'yo?"

"I love it! It's so beautiful. Pakiramdam ko, ako si Maria Clara," natutuwang sabi ni Zara. Umupo siya sa antique four-poster bed.

Naaliw namang pinagmasdan siya ng binata. Na-amaze ito na sa kabila ng pinagdaraanang sakit ng puso ay nagagawa pa rin niyang makahanap ng kaligayahan sa maliliit na bagay. She was definitely a breath of fresh air in his life.

"Katabi nitong silid mo ang kuwarto ko."

Nawala ang ngiti sa magandang mukha ng dalaga at napalitan ng magkahalong pangamba at pag-aalala. "Magkatabi tayo ng kuwarto?"

Nagpakawala ito ng pilyong ngiti. “Bakit? Natatakot ka ba?”

Umismid si Zara. “Of course not! Why should I?”

Natawa na lamang si Brody saka humakbang paatras. “Sige, iiwan muna kita. If you need anything, just knock on my door anytime,” huling bitiw nito saka kumindat, pagkuwa’y tumalikod.

Sa pagsara ng pinto ay humiga ang dalaga sa malambot na kama. Napaisip siyang bigla, *Tama nga ba ang desisyon kong tumira dito? Hindi ba ako mapapahamak sa lalaking ’yan?*

Noong gabing iyon ay hindi makatulog si Brody. Pabiling-biling siya sa kama. Hanggang sa mga sandaling iyon ay hindi pa rin siya makapaniwala na natagpuan niyang muli ang babaeng nagbigay sa kanya ng dahilan para ngumiti uli ang kanyang mga labi at lumigaya ang kanyang puso. At iisang dingding lamang ang naghihiwalay sa kanila!

Flashes of that unforgettable night they shared in Baler suddenly entered his mind. Nakaramdam siya ng pag-iinit ng katawan sa kabila ng nakatodo naman ang air-con. Napaupo siya sa kama, nagpakawala ng marahas na hininga.

Stop it, Brody! Control yourself. Kinuha niya ang *iPhone* na nakapatong sa ibabaw ng night table. He called up his friend Daryl and informed him of the good news.

“You mean she now lives in your house? Ang bilis mo talaga, Brody Villalobos! Iba ka!” kantiyaw nito.

“She needs a place to stay. Since malaki naman itong bahay, nag-offer na ako,” paliwanag niya.

“Pero, pare, hindi ba masyado pa yatang maaga para pumasok kayo sa panibagong relasyon? Baka pareho lang kayong nabibigla dahil sa mga pinagdaanan ninyo sa mga ex n’yo.”

“Wala naman kaming relasyon.” depensa niya.

“Wala nga but something already happened between you two. At alam kong hindi lang ’yon basta one-night stand para sa ’yo. She has become really special for you. Ang sa akin lang, mag-ingat kayong dalawa. You both came from long and serious relationships. Alam ninyong hindi madaling basta kalimutan ’yon. Siguraduhin muna ninyo kung ano ba talaga ang nararamdaman ninyo para sa isa’t isa bago kayo pumasok sa isang bagong relasyon. Para maiwasang may makasakit at may masaktan.”

Naintindihan ni Brody ang ibig sabihin ng

kaibigan niya. In fact, he appreciated his concern. “Wow! Kelan ka pa naging relationship expert?” biro niya.

“I may be very happy-go-lucky. Pero alam mong minsan rin akong naging seryoso pagdating sa relasyon. Let’s just say that I have learned my lessons well.”

“Thank you very much, pare. Don’t worry, I will handle this one with Zara very well.”

Tulad ni Brody ay hindi rin mapakali si Zara sa kanyang higaan. Bumabalik kasi sa kanyang isipan ang nangyari sa kanila sa Baler.

No, you can’t allow yourself to be weak again, Zara. Hindi maaaring maulit ang nangyari sa inyo noon. Muling bumalik sa kanya ang katanungang tama nga ba ang naging desisyong mag-stay sa bahay na iyon? Ano bang choice ang meron ka? Wala ka namang sapat na pera para umupa kung saan. Malaking tulong na ang libre mong pagtira kay Brody. Mag-ingat ka na lang at kontrolin ang sarili mo.

Nang hindi pa rin dalawin ng antok, nagpasya siyang bumangon at kumuha ng tubig. Paglabas niya ng silid ay natagpuan niya ang binata na nagluluto

sa kusina, wearing nothing but his boxer shorts.

Oh, no! Ano bang klaseng tanawin 'to sa madaling-araw? Atras na sana siya at babalik sa silid, ngunit nakita na siya nito.

“O, Zara, tamang-tama! Join me for a midnight snack,” yaya nito.

Hindi na napigilan ng dalaga ang paglakbay ng kanyang mga mata sa katawan nitong minsan na rin niyang naangkin. “Yeah, midnight snack,” wala sa sarili niyang saad habang napapalunok na nakatitig sa rock-hard abs nito pababa sa ilalim niyon.

“Zara, are you okay?”

Doon lamang siya natauhan nang marinig ang katanungan nito. Mabilis niyang ibinalik ang paningin sa mukha nito and there she saw that familiar mischievous smile.

“Do you enjoy what you’re seeing?”

Pinasok na naman siya ng kapraningan. *Is he suggesting something again?* “I... I’m sorry I don’t think I understand what you mean,” halos mautal niyang balik.

“Ang ibig kong sabihin ay kung nag-e-enjoy ka bang makita ang isang lalaking nagluluto?”

Kahit paano ay kumalma na rin si Zara. Wala naman palang malisya ang sinabi nito. “Ah... yeah, bihira para sa akin ’to. Si Lee kasi ni hindi siya halos pumupunta ng kusina. Wala siyang alam sa pagluluto. Ang alam lang n’on ay kumain,” kuwento niya habang papalapit sa kitchen counter.

“Baka naman kasi spoiled sa ’yo,” sabi nito habang isinasalin sa plato ang ginisang sardinas.

“Hindi ko maiwasan. He’s like a big baby na gustong pinagsisilbihan,” napakibit niyang saad. “Pero hindi ba normal lang naman ’yon para sa mga babae na pagsilbihan ang mga lalaki?”

Inihain na ni Brody ang sardinas sa dining table. Naglagay na rin ito ng pinainit na pandesal at mayonnaise. “Depende kasi sa lalaki ’yon. Ako kasi ayokong nahihirapan o napapagod ang girlfriend ko. Mas gusto ko ’yung ako ang nagsisilbi sa kanya.”

“Wow! Ang swerte naman pala ni Cel sa ’yo. Buhay prinsesa siya,” komento niya. Kung ganoong klaseng lalaki na nga si Brody, hindi niya maintindihan kung ano pa ang dahilan para maghanap ng iba ang babaeng iyon.

“Pero marami rin akong pagkukulang sa kanya. Sa tagal kasi ng relationship namin, naging masyado

na akong kampante. Hindi ko na siya nabigyan ng sapat na panahon at atensyon. Workaholic rin kasi ako so naging focus ko ang career ko. Ang pag-iisip ko kasi noon I don't need to work hard in our relationship. Wala naman kaming problema, stable kami. Pero doon ako nagkamali. May problema pala kami, hindi ko lang napapansing napapabayaang ko na pala siya."

Napabuntong-hininga muna ang binata bago nagpatuloy, "At least ikaw, alam mo na ang dahilan kung bakit nangyari 'yon sa relasyon ninyo. Ako kasi hanggang ngayon ay tinatanong ko pa rin sa sarili ko kung ano ba ang naging problema namin. Ano ba'ng nagawa ko o ano ba ang naging pagkukulang ko sa kanya para maghanap pa siya ng iba?" Napailing ito.

"Bata pa rin kasi si Lee. Nasa stage pa siya ng pag-explore. Habang sa parte mo naman ay handa ka na para sa isang seryosong relasyon. So magkaiba kayo ng gusto. Puwedeng hindi pa lang tama ang panahon para sa inyo ngayon o puwede ring hindi talaga kayo ang para sa isa't isa," dagdag nito sa mahaba nang pahayag.

Natahimik si Zara, malalim niyang pinag-isipan ang mga salita ni Brody. Pakiramdam niya ay nakikinig siya sa isang love guru. The man was just

full of wisdom.

Tulad ng ginawa nitong pagbabalat ng hipon para sa kanya noon sa Baler, iginawa rin siya nito ng pandesal na may palamang mayonnaise at sardinas. Maliit na bagay man iyon, but her heart felt so touched. Sa tagal ng relasyon nila ni Lee, ni minsan ay hindi ito nakagawa ng ganoon para sa kanya.

“Kaya ako, sa susunod kong relasyon, gagawin kong tama na ang lahat. I will love her with all my heart and treat her the way she deserves to be treated.”

Pilit mang nag-iisip ang dalaga ng maitutugon sa naging statement ng kausap ay tila blangko naman ang kanyang isipan. Hindi niya maiwasang isipin kung nagpaparinig ba ito sa kanya.

Ngunit kaagad din niyang sinaway ang sarili. *Tumigil ka nga, Zara! Huwag kang feelingera! Malay mo ba naman kung ikaw ba talaga ang tinutukoy niya!*